



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPA SA KATITIKAN NG IKA- 4 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 02 AGOSTO 2010, 9.15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo.

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Tuleng
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Juan S. Advincula

Hindi Nakadlo:

Konsehal Lee M. Baculinao - OB, Calapan City
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - MSKF President

KAPASYAHAN BLG. 017

Taong 2010

**KAPASYAHAN NG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA
AT KAAKAWI NG YUMAONG DATING KAWANI NG
PAMAHALAANG BAYAN, G. ELIEZER A. MARQUEZ.**

SAPAGKAT, si G. Eliezer A. Marquez ay isang dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro,

SAPAGKAT, si G. Eliezer A. Marquez ay nagsilbi bilang Meat Inspector I simula Agosto 1, 1980 hanggang sa pagri-retiro niya noong Marso 31, 2000 at sa panahong ito ay ginampanan niya ang kanyang gawain ng may pagmamalasakit, katapatan at pagmamahal upang maging karapat-dapat sa tungkuling iniutang sa kanya ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang paglisan ng itinuturing na kaibigan, kapatid at kasamahang naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Roxas ay ipinagdadalamhati ng lahat na sa kanya ay nagmamahal,

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas kasama ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay nagpapaabot ng tauspukong pakikiramay at pakikidalamhati sa naulila at naiwang pamilya ng namayapang dating kawani ng Pamahalaang Bayan G. Eliezer A. Marquez

[Signature]

[Signature]


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, G. Eliezer A. Marquez ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang lokal.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang asawa, mga anak at mga kaanak ng yumaong G. Eliezer A. Marquez lakip ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 02 Agosto 2010

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/080210